

Sistema ng Edukasyon sa Iceland



- Ang paaralan ay hindi lang institusyong pang-edukasyon sa Iceland
- Ang paaralan ay isang komunidad kung saan ang lahat ay maaaring magkaroon ng impluwensiya sa pagbuo nito.
 - Mga bata, magulang at kawani
- Ang kalidad ng komunidad na ito ay nagmumula sa aktibong pakikilahok ng bawat isa.



Mga Gawaing Pangmagulang



- Ang “*Heimili og skóli*” ay ang asosasyon ng mga magulang sa buong Iceland.
- Ang “SAMFOK” ay ang asosasyon ng mga magulang sa lahat ng elementarya sa Reykjavík
- Ang mga asosasyong ito ang siyang sumusuporta sa mga gawaing pangmagulang sa elementarya at maaaring sumangguni ang mga magulang dito.
- Ang serbisyong ito ay libre.



Mga Gawaing Pangmagulang



- Ayon sa batas ng Iceland ay obligado ang lahat ng mga elementarya na magkaroon ng sariling Asosasyon ng mga Magulang.
- Lahat ng mga magulang na may anak sa paaralan ay awtomatikong kasapi ng asosasyon sa naturang paaralan.
- Kadalasan ay nangongolekta ang mga asosasyong ito ng opsyonal na annual fee o taunang bayad.



Sistema ng kooperasyon ng mga magulang



Magulang

Mga Opisyal ng Asosasyon ng mga Magulang

Kinatawan sa bawat baitang

Konseho ng Paaralan

- Ang mga opisyal ng Asosasyon ng mga magulang ang siyang may responsibilidad sa kolaborasyon, pag-oorganisa ng mga proyekto, at paghahati-hati ng mga tungkulin lalo na ng mga kinatawan sa bawat baitang.
- Ang mga kinatawan sa bawat baitang ang siyang may responsibilidad sa pag-aayos at paghahati-hati ng mga tungkulin ng mga magulang sa klase.
- Ang asosasyon ng mga magulang at lahat ng mga magulang ang siyang nirerepresenta ng mga kinatawan sa Konseho ng Paaralan.



Mga proyekto kada taon



Paaralan

- Taunang pagpupulong ng Asosasyon ng mga magulang
- Pag-gawa ng mga dekorasyong pampasko
- Bingo sa Pasko ng Pagkabuhay
- Piyesta sa panahon ng Tagsibol/ Multikultural na pagdiriwang
- *Foreldrarölt* o Parent watch
- Mga pagsasanay o lektura

Ang klase

- Pagpupulong 2x sa isang taon
- Kasunduang pangmagulang
- Class party o *bekkjarkvöld* 2x sa isang taon
- Parent watch o *foreldrarölt*
- Fundraising o proyekto para makatipon ng pondo





Ambiyente sa paaralan at klase Skólabragur/bekkjalandi

Paano nga ba masusuportahan ng mga magulang ang magandang ambiyente sa paaralan kabilang na ang paborable at positibong diwa sa klase?

- Ipakita ang inyong interes sa pag-aaral ng anak
 - Itanong kung kumusta ang araw – ano ang ginawa sa eskwela? – ano ang pagkain?
- Makipagkilala sa magulang ng mga kaklase at kilalanin din ang pangalan ng ibang mga bata



Ano ang magandang dapat tandaan?

Hvað er gott að hafa í huga?



- Mga kaarawan
 - Mga imbitasyon – mga regalo – ang pagdalo ng mga bata
- Fundraising o proyekto para makatipon ng pondo, lalo na para sa lakbay-aral o field trip ng mga mas nakatatandang bata.
- Pagbibigayan ng impormasyon – Mentor – Mga Facebook page o grupo
- Ang paghingi ng karagdagang tulong



